# Truck ban exemption, funeral escort bawal na sa QC

Bandera · 3 Sep 2019 · 3

UPANG makabawas sa mabigat na daloy ng trapiko, kinansela ng Quezon City government ang lahat ng truck ban exemptions na ibinigay ng nakaraang administrasyon at ipinagbawal ang paggamit ng mga sasakyan ng lokal na pamahalaan bilang funeral escort.

Ayon kay Quezon City Task Force for Transport and Traffic Management chief Ariel Inton na inatasan siya ni Mayor Joy Belmonte upang kanselahin lahat ng truck ban exemptions.

Paliwanag ni Inton, ang truck ban exemption ay ibinigay sa mga trak na ginagamit sa mga proyekto ng gobyerno subalit naobserbahan nila na ito ay inaabuso at ginagamit din para sa mga pribadong proyekto.

“It’s funny how private construction firms lie under their nose and use government projects as justifications for their exemptions especially during traffic rush hours in the City,” ani Inton.

Inilabas na rin ng anti-traffic task force ang direktiba sa lahat ng traffic enforcer na nasa ilalim ng Department of Public Order and Safety na nagbabawal sa pagbibigay ng escort assistance sa mga martsa ng patay.

Bawal na rin ang mga sasakyan ng lokal na pamahalaan na gamitin sa funeral march.

Ginagawa umano ng QC TFRRM ang lahat upang masunod ang direktiba ni Pangulong Duterte.